


# Humanda sa pagbabalik ng Panginoon!

ni ***Bernarda Fernandez***

Dalawang beses dinala si Sister Bernarda sa langit at impiyerno kasama si Hesus. Ipinakita sa kanya ang mga na premyo sa langit na inihanda para sa mga santo ng Panginoon, ang Pagtitipon, ang Magarbong Salu-salo at ang mga korona ng buhay. At nakita rin niya ang kundisyon ng Simbahan, ang papalapit na paghuhukom, at ang mga napariwarang kaluluwa sa Impiyerno.

## Ang Aking Unang Paglalakbay

Hindi maganda ang aking pakiramdam noong umagang iyon, hindi pumayag ang aking asawa na iwan ako at pumasok sa kaniyang trabaho. Sinabi ko sa kanya na hindi ako nag-iisa. Pagkatapos niyang umalis, naramdaman ko na ako'y namamatay. Kaya nag-desisyon akong tawagan ang aking mga kaibigan, at ang aking biyenan. Sumagot ang aking biyenan: "*Bernarda, Pagpapalain ka ng Panginoon ngayon, huwag kang matakot*." Ganoon din ang isinagot ng aking kapatid kay Kristo noong tinawagan ko siya, pero idinagdag niya: "*Bernarda tumayo ka sa iyong kama at puriin mo ang Panginoon, dasalan mo siya at luwalhatiin mo siya*."

Sa kabila ng kakulangan ko sa lakas, umiyak ako sa Panginoon at sinabing: "*Panginoon, ikaw ang aking lakas, tulungan mo ako*." Sinubukan kong tumayo, pero iniwan na ako ng aking lakas. Ang aking boses ay hindi na marinig, pero sa aking kaluluwa ay humihingi parin ako ng tulong sa Panginoon dahil ang pakiramdam ko ay namamatay na ako.

Biglang lumiwanag ang aking kwarto, na mistulang apoy. Agad nawala ang aking takot at nasaksihan kong bumababa ang mga anghel at naglalakad papunta sa aking kwarto. Malinaw ko silang naririnig na nag-uusap. Biglang lumitaw ang isang kahanga-hangang nilalang, mas kahanga-hanga pa sa kahit anong anghel. Naka-suot sa kaniya ang puting damit na may gintong laso. Sa kaniyang dibdib ay may gintong kataga: "**TAPAT AT TOTOO**." Ang mukha niya ay nagpaparamdam ng kahinahunan at pag-ibig. Si Hesu-Kristo ay nasa harap ko, ang Hari ng mga hari at ang Panginoon ng mga panginoon. Pag-palain ang Kaniyang pangalan!

Nilapitan ako ni Hesus, hinawakan ang aking ulo at sinabing: "***Ako si Hesus na pumanaw para sa iyo. Tingnan mo ang mga marka sa Aking mga Kamay, nandirito parin sila para sa iyo. Bumaba Ako sa aking trono ng kaluwalhatian para kausapin ka; maraming bagay ang dapat itama sa iyong buhay. Ikaw ay tamad at mainitin ang ulo. Bukod doon, Ayaw ko ng dalawamput-limang porsyentong (25%) Kristiyano o siyamnaput-limang porsyento (95%), dapat ay isang daang-porsyento (100%). Kung gusto mong makapunta sa langit, kakailanganin mong maging banal, dahil Ako mismo ay banal. Dumalaw ako para isama ka sa isang paglalakbay***."




Tinanong ko siya: "*Panginoon, isa ba itong mala-misyonerong paglalakbay?*" Sumagot Siya "***Hindi***." Pagkatapos ay hinawakan niya ang aking mga kamay, itinaas, at kinausap ako ng may kapayakan at Pag-ibig. Nilipad niya ako sa labas ng bintana, tumingin siya sa bayan ng New York. Napansin ko ang kalungkutan niya sa kaniyang mukha. Umiyak siya at sinabing: "***Ang Aking Salita ay naituro ng maayos, pero hindi nakinig ang Aking mga tao. Nakarating na sa Aking Ama ang kasalanan ng bayang ito***."

Puno ng mga bakla at tomboy ang bayan na ito; ilan sa kanila ay mga Pulitiko. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Ito'y isa pang Sodom, pero ako ay nabubuhay at ang mga hatol ng Aking Ama ay malapit ng ipataw sa bayan na ito***." Pagkatapos ay lumuhod ako sa tabi ng Panginoon habang ako'y umiiyak at sinabi Niya sa akin: "***Huwag kang matakot. Kapag ang mundong ito ay hinahatulan na, mawawala na rito ito ang Aking iglesia***."

Sinamahan niya ulit ako sa aking kama at Hiniling na tawagan ko ang isang seminarista galing sa aking kongregasyon. Pinasabi Niya na aalis ang aking kaluluwa sa aking katawan, at dapat ay hindi nila dalhin ang katawan ko sa ospital o sa kahit anumang punerarya. Imbes, dapat nilang sabihin sa aking asawa na magtiwala sa Muling Nabuhay at ang Buhay. (**Juan 11: 25**) Muling sinabi sa akin ng Panginoon: "***Ako na nagbibigay ng buhay, ina-angkin ko ang kaluluwa mo, pero ika'y babalik upang sabihin sa Aking mga mamamayan na magtiwala sa akin ng lubos. Ang mga naniniwala sa Akin ay hindi kailanman mamamatay***." (**Juan 11:26**) Iniabot niya ang Kaniyang kamay at nasaksihan kong humiwalay ang aking kaluluwa sa katawan ko. Ako ay nakaputi at kumikinang katulad ng Panginoon, sinabi niya sa akin: "***Tingnan mo! Ito ang malapit nang maging katawan ng mga Kristiyanong sumusunod sa akin.***"

Napansin ko na maaari na akong tumagos sa mga pader. Ang sabi ng Panginoon na nakahawak sa aking kamay: "***Tingnan mo***"! Nang lumingon ako, nakita ko ang katawan ko na walang kaluluwa. Ipinaliwanag Niya sa akin na ang katawan ay walang kwenta, na ito’y walang iba kung hindi alikabok, at kapag ito’y namatay ay magiging alikabok din, katulad ng kahit anong pisikal na katawan. Idinagdag niya na ang bagong katawan na meron ako ngayon na maluwalhati ay ang espirito na binigay niya sa tao. Akala ko ay diretso kaming pupunta ng langit, pero hindi iyon ang kaso.





Pumailalim kami sa pamamagitan ng isang lagusan sa ilalim ng daigdig, at nang papalapit na kami sa isang tiyak na lugar, naka-langhap ako ng simoy na hindi ko matiis. Sinabi ko: "*Panginoon, ayaw ko hong pumunta sa lugar na iyon*." Pero pumunta parin kami; sobrang dilim sa lugar na iyon. Narinig ko ang mga taong naghihirap, umiiyak at sumisigaw. Nang nakrating kami sa dulo ng lagusan, umupo kami sa isang bato at sinabi sa akin ng Panginoon "***Tingnan mo***"! Nakita ko ang mga taong naghihirap. Sa impiyerno, ginugugol ng mga tao ang oras nila sa pag-iyak, at wala silang pakialam sa iba.

Mga minamahal kong kapatid, naunawaan ko na **TOTOO ANG IMPIYERNO**. Umiyak ako ng umiyak, at nang tiningnan ko ang Panginoon, sinabi Niya sa akin: "***Tandaan mo ang mga nakita mo, at huwag mong kakalimutan.***" Sumisigaw ang mga tao, "*Aray! Aray! Panghabang-buhay na'to! Panghabang-buhay na'to! Sakit at poot magpakailanman.*"

Lumingon ako at tinanong ko sa Panginoon: "*Mayroon po ba akong mga kapamilya dito sa impiyerno?*" Sumagot siya sa akin "***Hindi ako papayag na may makita kang kapamilya mo rito***." Kaya tinanong ko siya, "*Mayroon po ba akong kakilala rito?*" "***Oo at maaari mo siyang makita.***" Bigla ay nakita ko ang isang batang lalaki na nagmula sa kailali-laliman ng impiyerno: Siya ay si Alexander.

Nakilala ko ang batang lalaking ito sa isang krusada na pinuntahan naming mag-asawa sa Republica ng Dominica. Habang nagaganap ang krusada, nakarinig ako ng isang boses na nagsasalita sa akin, "***Tumayo ka, puntahan at kausapin mo si Alexander na dadaan. Sabihin mo sa kaniya na huwag niyang tanggihan ang mensaheng ito, dahil bibigyan ko pa siya ng huling pagkakataon***." Ang boses na iyon ay ang boses ng Panginoon, kahit na hindi ko Siya nakita noong oras na iyon. Sinabi ko kay Alexander ang sinabi ng Panginoon sa akin, at ganito niya ito sinagot: "*Lahat kayong mga Kristiyano ay isang tanga. Nililinlang niyo ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabalita sa kanila na malapit nang maglabik si Kristo, Ako, si Alexander, ay hindi naniniwala na ito ay isang katotohanan*" Sinabi ko sa kaniya: "*Alexander, ang Diyos ang nagbibigay ng buhay at kukunin niya ito kahit kailan man niya magustuhan; Alexander, malapit ka nang mamatay.*" Sumagot siya: "*Masiyado pa akong bata para mamatay, marami pa akong magagandang taon ng ligaya para mabuhay sa mundong ito*."

Tunay ngang iyon na ang huling pagkakataon para kay Alexander. Makalipas ang tatlong linggo, namatay si Alexander dahil siya ay lasing. Ang kaniyang destinasyon ay ang lugar na ito kung saan ko siya nakita (impiyerno). Malinaw na ipinapahayag ng Bibliya na hindi makakapasok ang isang lasenggero sa kaharian ng Diyos. **(Galacia 5: 21)**



Habang tinitingnan ko ang mga tao sa impiyerno, nakikita ko si Alexander na inaatake ng dalawang naglalakihang bulate. Sinisigaw niya "*Aray! Aray! Aray!*" Siya ay pinahirapan. Nakilala niya ako at sinabing: "*Hindi ko pinansin ang aking huling pagkakataon. Nandito ako ngayon, nagdurusa. Pakisuap, kapag bumalik ka na sa lupa, puntahan mo ang pamilya ko sa aming bahay at sabihin mo sa kanila na maniwala kay Hesu-Kristo at sundin ang mga utos niya, para hindi sila mapunta rito sa lugar ng pagdurusa.*"

Pagkatapos ay ipinakita pa ng Panginoon sa akin ang libu-libo pang tao na nagdurusa sa impiyerno, at sinabing, "***Nakikita mo, kilala ako ng ilan sa mga nandito noong sila'y nasa lupa pa. Mayroon pang tao sa lupa na naglalakad sa kalye nang hindi alam kung saan papunta. Alam mo na ang daan patungong langit ay napakakitid, at mas kikitid pa. Magkakaroon ng mga paghihirap sa lupa, nang ikaw ay maging puro tulad ng isang ginto, pero huwag kang matakot dahil ako'y nasa harapan mo tulad ng isang makisig na mandirigma***."

Tinanong ko siya: "*Mayroon bang mga Kristiyano sa impiyernong ito*?", Sumagot Siya: "***Oo, alam mo ba ung bakit? Pinaniwalaan nila Ako, pero hindi sila nabuhay nang naaayon sa Aking salita. Mayroon ding mga Kristiyano na kumikilos ng maayos kapag nasa simbahan LAMANG sila, sa harap ng kanilang pastor o pamilya. Ngunit lubos nilang niloloko ang kanilang mga sarili. Nakikita ng mga mata ng Aking Ama ang lahat ng bagay, at nauunawaan din Niya ang bawat salita, nasaan ka man. Sabihin mo sa Aking mga tao na oras na para mabuhay sila nang naaayon sa Aking Ama, bago sa demonyo at bago sa lupa. Huwag bigyan ang demonyo ng karapatan na akusahan ang Aking mga tao; at ipaalam sa mundo na hindi dapat mag-turo ng daliri sa Aking mga tao."*** **(1 Pedro 1: 14-16)**




Pagkatapos ay pumunta kami sa dagat ng apoy. Hindi kanais-nais ang baho roon, at sinabi ng Panginoon, "***Ang nakikita mo roon ay ang dagat ng apoy, na nakahanda para sa mga dyablo, ang mga pekeng propeta, at ang AntiKristo. Hindi ko inihanda ang lugar na ito para sa mga tao, kung hindi para sa lahat nang hindi naniwala at hindi ako tinatanggap bilang kanilang tagapagligtas at para sa mga hindi nabubuhay nang naaayon sa Aking Salita.*** "**(Rebelasyon 20:14)**

Noong sandaling iyon ay nakita ko ang Panginoon na umiiyak, muli ay sinabi niya sa akin: "***Mas marami pa ang bilang ng mga napariwara kaysa sa aakyat ng Langit***." Ipinakita niya sa akin ang bilang ng mga tao na namamatay kada minuto at sinabing, "***Tingnan mo! Kayrami ng mga naliligaw! Ang aking Simbahan ay natutulog sa kabila ng katotohanan na tinanggap na niya ang Aking kapangyarihan; Nasa kaniya ang Aking Salita at ang Espirito Santo, ngunit Siya ay natutulog. Sa lupa mayroong mga tao na nangangaral na ang impiyerno ay hindi totoo. Puntahan mo sila at sabihin mo na totoo ang lugar na ito.***"

Nararamdaman ko ang mabagsik na init. Umalis kami sa lugar na iyon at umakyat ng Langit. Umakyat kami ng umakyat, sa pamamagitan ng pangalawang langit. Ipinakita Niya sa akin ang araw at ang mga bituwin at sinabing, "***Tingnan mo ang mga bituwin na ito, Tinatawag ko ang bawat isa sa kanila sa kanilang pangalan. Nakikita mo ba ang araw, sumisinag ito sa magkabilang kampo mapa makatarungan man o imoral dahil sa Aking lakas. Pero darating ang araw na titigil na itong magbigay ng ilaw, bawat bagay ay magiging kadiliman***." (**Mga Gawa 2:20**)



Umakyat pa kami paitaas at narating namin ang Kaharian ng Diyos. Nakita ko ang mga magagarbong bahay. Napakataas ng mga pader ng mga bahay na gawa sa purong ginto at mga mamahaling bato. Mayroong labing-dalawang perlas na tarang-kahan, at may labing-dalawang anghel sa mga ito. Hindi ko alam kung makakapasok ako, pero tiningnan ako ng Panginoon at sinabing: "***Gusto mo bang pumasok?***" "*Opo Panginoon! Gusto ko talaga.*" "***Kung ganoon ay pumasok ka, sapagkat Ako sa sarili Ko ang pinto***" (**Juan 10:9**).

Noong panahon na iyon ay pumasok ako sa isang mamahaling tarang-kahan at nakita ako ang isang hardin ng mga nakakamanghang bulaklak. "***Gusto mong tumuloy sa hardin? Kung ganoon pumasok ka, sapagkat inihanda Ko ito para sa iyo at sa aking mga tao***." Noong tumuloy ako, sinimulan kong ayusin ang mga bulaklak sa mga buwig. Tumakbo ako sa hardin na parang isang maliit na batang babae. Ang mga hinawakan kong mga bulaklak ay nagtataglay ng maraming kulay at mga napakabangong amoy. May tinawag ang Panginoon. Isa siyang anghel, makisig at napaka-ganda na hindi ko maipaliwanag. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Nakikita mo ba ang isang ito, siya si Arkanghel Mikael, siya ang pumapanguna sa Aking hukbo. Tingnan mo ulit!***"


Nakita ko ang mga naglalakasang hukbo na nakasakay sa mga kabayo at sinabi sa akin ng Panginoon: "***Hindi iyon ang hukbo ng isang tao, ngunit hukbo ng Aking Ama. Ang hukbong ito ay ipinapadala na para sa mga Kristiyanong nagbago na; huwag kang matakot, dahil ito'y mas makapangyarihan pa kaysa sa mga nasa lupa***."

Pagkatapos ay ipinakita niya sa akin ang isa pang anghel. "***Ito naman ay ang tagapag-bigay ng mga mensahe ko sa mga Kristiiyano na sumusunod sa Aking Salita***." Ang saya ko na narinig ko iyon. Sabi sa akin ni Hesus: "***Maging ma-alerto ka! Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Moses, ang Diyos ni Eliha, ang Isa na nagdulot para mahulog ang apoy mula sa langit; Hindi ako nagbago. Ipapakita Ko sa iyo ang kundisyon ng mga tao na nabubuhay sa mga nalalabing araw ngayon***." Sabi sa akin ng Panginoon: "***Mag-ingat ka sa mga bagay na ipapakita ko sa iyo***."



Nakita ko ang mga Kristiyanong mahina at pagod. Itinanong sa akin ng Panginoon ito: "***Naniniwala ka bang kaya kong kunin ang Simbahang ito sa kaniyang kasalukuyang kalagayan?***" Pagkatapos ay sinabi niya sa akin, "***Ang mga Kristiyano na isasama ko ay magiging masaya, matagumpay, walang bahid, walang sisi. Sa Aking bayan mayroong mga kasinungalingan, kakulangan sa pag-ibig, at ang Aking sangkatauhan ay hati. Ipinakita ko sa iyo ang kondisyon ng mga Kristiyano sa mga nalalabing araw na ito; Ngayon, aking ipapakita sa iyo kung papaano nabuhay ang sinaunang simbahan. Ang mga madre at padre roon ay punong-puno ng kasiyahan ng Panginoon. Patuloy silang nagsasakripisyong di kumain at nagdarasal sila; sinermon nila ang Aking Salita ng walang takot. Sapagkat sa tingin ng mga kasalukuyang Kristiyano ngayon ay nagbago na Ako, iniisip din nila na nagbago na rin ang Espirito Santo. Ang malaking pagkakamali ng mga Krsitiyano ngayon ay ang katotohanan na nabubuhay sila sa nakagawian nilang buhay, na pinlano ng isang tao. Gayunpaman, nakalimutan na nila na nanggagaling ang mga mensaheng iyon mula sa Espirito Santo at sa taas. Sabihin mo sa Aking mga tagapaglingkod, sa mga pari, na ang oras ay dumating na para isang-tabi ang mga nakagawiang programa nila. Kung gagawin nila ito, masasaksihan mo ang kapangyarihan ng Panginoon sa kalagitnaan nila, ang Espirito Santo na sumanib sa naunang iglesia. Magtatanghal siya ng mga palatandaan, mga himala at maraming banal na kababalaghan, na nagdudulot na mabuhay muli ang taong pumanaw na. Ganoon parin ang Espirito Santo, kayo ang nagbago***."

Mga kapwa kong Kristiyano, ito na ang inyong pagkakataon na mabuhay katulad ng pamumuhay noong kapanahunan ng maagang iglesia. Pagkatapos ay iniwan ko ang magarbong hardin roon at nagpunta ako sa napakagandang gintong kalye at sinabi ng Panginoon, "***Hawakan mo! Oo purong ginto iyan. Pumunta ka at sabihin mo sa Aking mga anak na SA LALONG MADALING PANAHON, maglalakad na sila sa ibabaw nito sa pamamagitan ng Ko na nagbigay ng buhay"*** **(Apokalipsis 21:10-15)**




Oh! Di ko maipaliwanag kung gaano kasarap maglakad sa mga gintong kalye roon! Pagkatapos ay nakita ko ang isang maningning na Trono na pinalilibutan ng mga Anghel, mga Arkanghel at mga Seraphs. Patuloy nilang pinpupuri ang Panginoon. Ang Nilalang na nakaupo sa trono, ay nagsasalitang: "*Banal, Banal, Banal ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat; puno ng Kaluwalhatian Niya ang langit at Lupa. Amen!*" ***"Dumating na ang oras upang itaas niyo ang inyong mga banal na kamay sa Akin at puriin Ako***."

Nakita ko ang ilog ng tubig ng buhay na umaagos mula sa Trono. Nakita ko rin ang puno ng buhay at sa kabilang dulo ay nakita ko ang bahag-hari at ang kristal na dagat. Tinanong ko ang Panginoon: "*Sino ho ang nasa trono?*" Sumagot siya: "***Iyon ang Aking Tatay, ang Panginoon ng Lahat***." Sinabi ko sa kaniya: "*Pwede ko ho bang makita ang Ama*", "***Hindi pa oras,***" Sagot ng Panginoon.

Kahit na hindi ko nakita ang Ama, alam ko na ang Nilalang na nasa trono ay makapangyarihan. Nakita ko ang mga kulog at ang liwanag ng kidlat na nagmumula sa trono at narinig ko ang mga puri. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Naririnig mo ba ang mga puring iyon? Iyon ang mga puri ng mga nailigtas na***." Nakita ko ang mga pitong anghel, bawat isa ay may hawak na gintong mangkok; at ang pito pang anghel ay may hawak na trumpeta. "*Panginoon, sino ang mga anghel na ito?*"

Sumagot ang Diyos: "***Ang pitong mangkok na hinahawakan ng mga anghel ay pinuno ng galit ng Ama. Ibubuhos na ang mga ito sa lalong madaling panahon at kapag tumunog na ang trumpeta, Ang Aking Iglesia (ang mga Kristiyano na nabuhay ayon sa kagustuhan ng Ama) ay iipunin sa taas. Mawawala na sila sa lupa sa panahon ng masaklap ng karanasan. Bago magpapakita ang AntiKristo, itong tao ng kasalanan, ay maririnig ng Aking Iglesia ang tunog ng mga huling trumpeta, at sasalubungin nila Ako sa himpapawid.*** **(1 Thessalonians 4:16)**



Nandoon ako, mga minamahal kong kaibigan, sa harap ng dakilang trono, hindi ako nagkaroon ng paniniwala sa oras doon. Ipinakita sa akin ng Panginoon kung papaano ililigtas ang Kaniyang Iglesia (ang mga tunay na naniniwala sa Kaniya) sa himpapawid! Nakita ko sa isang pangitain, libu-libong tao ang nawala. Nangyari ito sa buong mundo, at binigay ng telebisyon, radiyo ang balita ng pagkawala. Ibinalita rin sa Diyaryo (malalaking pangunahing balita sa kulay ng pula), ang pangyayari. Sinabi sa akin ng Panginoon: "***Mangyayari na ang balita iyon sa lalong madaling panahon. Kung ang hatol ng Aking Ama ay hindi pa ipinasa sa lupa, iyon ay dahil sa aking mga nananampalatayang Kristiyano, iyong mga tunay na nagmamahal sa akin.***"



Pagkatapos, nasaksihan ko ang pagpapakita ng tao ng kasalanan. Dinedeklama niya sa mga taga-lupa: "*Hatid ko sa inyo ang kapayapaan at kaligtasan*" at bigla-bigla ay nakalimutan ng mga tao na ang pangyayari ay nagaganap na. Sinabi sa akin ng Panginoon: "***Tingnan mo ng maingat!***." Nakita ko sa aking pangitain ang pitong anghel na hawak-hawak ang pitong mangkok. Mga minamahal kong kaibigan, ang mga pangyayari ay mahirap ipaliwanag; Nakita ko ang mga anghel na binubuhos na ang mga pitong mangkok ng galit ng Panginoon sa lupa. Nag-umpisang tumunog ang mga trumpeta. Ipinapasa na ng Panginoon ang kaniyang pag-huhukom sa mga taga-lupa, at nawala ang karamihan sa mga bansa. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Tingnan mo! Lahat ng mga taong ito ay parte ng Iglesia Ko, ang iba ay mga pastor***." At dahil hindi ko ito malinaw na naunawaan, tinanong ko ang Panginoon: "*Papaano nangyari na halos sa mga tao mo ay napabilang sa panahon ng masaklap na paghihirap? Papaano nangyaring kabilang doon ay mga pastor, na ipinangaral ang Salita mo?*" Sumagot si Hesus: "***Oo, ipinangaral nila ang aking Salita, pero hindi sila nabuhay nang naa-ayon sa Aking Salita.***" Pagkatapos ay pinayagan ako ng Panginoon na makita ulit ang iba pang bilang ng mga pastor, at sinabi Niya sa akin: "***Hindi iprinoklama ng mga pastor na iyon ang Aking salita kung papaano siya nakasulat. Akala nila na hindi angkop ang Aking Salita sa kanilang siglo. Masiyado nilang pinaboran ang mga taong nagbibigay sa kanila ng pera, dahil mas interesado sila sa mga material na bagay.***

***Sabihin mo sa Aking mga tagapaglingkod na Ako ang tumawag sa kanila, at ang ginto at pilak ay nabibilang din sa akin at ipinamamahagi ko sila ayon sa Aking kadakilaan at ligaya.***

***Sabihin mo sa kanila na ituro ang Aking Salita kung papaano siya isinulat. Madami sila, silang mga nagbibigay ng ibang kahulugan sa Aking Salita. Ang Aking Salita ay ang Aking Salita, at walang sinuman ang makakapalit doon. Dapat siyang ipangaral kung papaano siya isinulat. Marami sa Aking mga tagasunod ang gumugulo sa Aking Salita para sa sarili nilang kapakanan***."

Pagkatapos noon, pumasok kami sa isang lugar sa loob ng bagong Herusalem at sinabi sa Akin ng Panginoon: "***Ang nakikita mo ay ang paraiso***." Nakita ko ang mga apostoles at tinanong ko ang Panginoon, "*Panginoon, nasaan si Abraham?*" Umasa ako na isang matandang lalaki ang makikita ko, pero biglang lumitaw ang dalawamput-limang taong gulang (25 years-old) na lalaki na papapalit sa amin at sinabi sa akin ni Hesus, ito si Abraham, ang ama ng Pananampalataya.




Tinawag ng Panginoon ang isang napakagandang babae, kamukha ng iba pang mga nakakita ko roon, at sinabi Niya sa akin: "***Ito si Maria! Sabihin mo sa lahat ng tao na hindi siya ang Reyna ng Langit. Ako ang Hari ng Langit, ang Hari ng mga hari, at ang Panginoon ng mga panginoon; ako ang nagsasabing: 'AKO ANG DAAN, ANG KATOTOHANAN AT ANG TIRAHAN.*** (Juan 14: 6-7). ***Sabihin mo sa lahat ng mga TAGA-LUPA na walang PURGATORYO, dahil kung mayroon man, ipinakita ko na iyon sa iyo. Imbes ay, mayroong impiyerno, ang dagat ng apoy, ang pinakamamahal na Herusalem, at ang paraiso na ipinakita ko sa iyo. Pero sabihin mo sa kanila na walang purgatoryo; sabihin mo na ISA 'YONG KASINUNGALINGAN MULA SA DIABLO, WALANG PURGATORYO***."

Pagkatapos ay hinantong ako ng Panginoon sa imbakan ng mga korona. "***Ito ang mga korona ng buhay***...***Anong nakikita mo?***" Nakita ko ang aking lokal na simbahan, ang mga deboto ng komunidad na iyon, kumakanta at nangangaral, pagkatapos ay tinanong ko kay Hesus: "*Bakit hindi nakasulat ang mga pangalan ng mga deboto ng aming komunidad sa librong ito?*" At isinagot Niya sa akin: "***Dahil sa mga pagkakamali nila sa lupa***." **(Apo 3:11)**



Pagkatapos ng lahat ng ito ay pinabalik na ako ng Panginoon sa lupa, pagbalik ko sa aking katawan, ang Paglalakbay ay natapos na.

# ANG AKING PANGALAWANG PAGLALAKBAY

Nasa isa kaming pagpu-pulong tungkol sa pagdadasal. Isang araw, mayroong dalawamput-limang miyembro ang dumalo rito. Gaya ng dati, nagsimula kami sa pamamagitan ng pagpuri at pagsamba sa Panginoon.



Bigla naming naramdaman ang Panginoon. Napakamakapangyarihan niya, kamukha noong araw ng Pentecost. Naaalala ko ang nanay ng asawa ko, isang matandang deboto, sinabi niya sa akin, "*Bernarda, huwag tayong masiyadong maging maingay habang pinupuri natin Siya, masiyado tayong gumagawa ng ingay*." Tama siya, dahil ang pagpuri ay parang tunog ng isang talon. Nang papakiusapan ko na ang mga padre na bawasan ang ingay, narinig ko na may sinasabi sa akin ang Panginoon: "***Huwag kang magsasalita! Sa mundo, pag nag-iingay ang mga tao, walang nakikialam, bakit mo ititigil ang ingay ng papuri?***" Kaya ipinagpatuloy naming purihin at sambahin ang Panginoon. Naramdaman ko na isang magarbong pangyayari ang magaganap. Naalala kong bigla ang sinabi sa akin ng Panginoon sa una kong paglalakbay: "***Babalik ako para sa iyo***."

Bigla ay napuno ang aking bahay ng maliwanag na puting ilaw. Nakita rin ito ng mga padre. Niluhuran nilang lahat ang Panginoon. Hindi ko alam ang gagawin ko, at ako ay nanatiling nakatayo. Lalo pang lumiwanag ang ilaw, at ito'y naghugis tao. Sa aking harapan ay si Hesu-Kristo, isang napakagandang lalaki na puno ng pag-ibig. Hindi pa ako nakakita ng ganito kagandang lalaki sa lupa. Nilapitan niya pang isa-isa ang bawat padre. Pero noong sasabihin ko na sa kanila na dumating ang Panginoon para sa akin, bigla akong nakapag-salita sa ibang wika. **(1 Taga-Corinto 14:39-40)**

Isang tingin lang Niya sa akin, ay nahiwalay ang kaluluwa ko sa aking katawan at lumutang ako sa himpapawid. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at nagtungo kami sa Republika ng Dominika. Nang nakarating na kami sa siyudad, sinabi sa akin ng Panginoon: "***Mayroong dalawang matinding kasalanan na ginagwa ang bansang ito sa Aking Ama, pangkukulam at idolatrya***." Nakita ko na hinahanap-hanap ng mga mamamayan ng bansang ito ang mga pangkukulam at ang iba't ibang ritual.



Pagkatapos noon, dinala ako ng Panginoon sa Venezuela at sa Mexico. Sa Venezuela, nasa himpapawid ako kasama si Hesus, pero nakita ko ang mga tao na nagababago dahil sa mahika, ritual, at sa pangkukulam. Sa Mexico nakita ko ang mga tao na nakikipag-sundo at sinasamba ang mga demonyo. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Nakarating na sa Aking Ama ang mga kababalaghan ng kasalanan dito. Ang unang senyales na ibibigay ko ay ang lindol sa Mexico kung hindi magbabago at susunod sa Akin ang mga nakatira sa bansang iyon***." *(Noong bumalik ako sa lupa, pumunta ako ng Mexico para ibalita ang mensaheng ito. Hindi nakinig ang mga tao roon at kama-kailan lang ay nilindol ang Mexico.)*



Habang nasa himpapawid pa kami, sinabi sa akin ng Panginoon na ang kamay ng Ama ay inaabot na sa mga taga-lupa. Nakita ko ang dagat na may naglalakihang alon, kahawig ng isang halimaw. Nakita ko rin ang mga bagyo na nananalanta sa lupa. Tinanong ko ang Panginoon: "*Anong mangyayari sa mga Kristiyano kapag ang lahat ng ito ay nangyari sa kanila?*" Sumagot siya: "***Sabihin mo sa lahat ng may tiwala sa akin, walang ni isang hibla ng buhok ang mahahawakan sa oras iyon.***"

Pagkatapos noon ay dinala ako ng Panginoon sa iba pang lugar, nakita ko ang mga panig nito kung saan ang lupa ay hati. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Maraming bansa ang mawawala na sa lalong madaling panahon***."

Nilikas namin ang lugar na iyon at pumunta naman sa iba kung saan nakita ko ang tubig na gumagalaw.  Bumaba kami sa isang lagusan at narating naming ang malalim na lugar ng lupa. Nakita ko rito ang mga higanteng pinto. Hindi siya katulad ng nakita ko sa una kong paglalakbay. Sa mga pintong iyon ay mayroong malalaking kadena. Pumasok ang Panginoon, tinanggal ang mga kadena, at hinayaan akong pumasok.

Nakita ko ang libo-libong tao na nakayuko, na naka-suot ng sirang damit. Mayroon silang mga malalaking kadena na nakapalupot sa kanila.  At sinabi ko: "*Anong ibig-sabihin nga mga ito Panginoon?*" Sumagot siya: "***Lahat ng mga lalaki't babaeng ito ay papunta na sa impiyerno***." Kasama sa mga ito, nakita ko ang nakakatandang kapatid ng asawa ko, si Adolfo. Isa siyang mahirap na tao, dati siyang nag-aasawa at nakiki-diborsyo kahit kalian man niya magustuhan, sinusumpa niya rin ang Panginoon noon. Pagkatapos ay nakiusap ako sa sa Kaniya na pabalikin ako sa lupa at bigiyang babala si Adolfo na papalakad na siya sa impiyerno, pero hindi Niya ako sinagot. Nakita ko ulit si Adolfo at ang kaniyang asawa na naglalakad papunta sa naturang lagusan. Nasa dulo na sila ng impiyerno. Nakiusap akong muli sa Panginoon na pabalikin ako sa lupa upang  bigiyan ng babala ang mga taong iyon na papunta na sila impiyerno. Itinaas ng Panginoon ang kaniyang kamay at sinabing: "***Sabihin mo sa kanila na ang oras ay malapit ng matapos...libo-libong tao ang dume-diretso sa impiyerno, oras na ni Adoldo, mamamatay na siya***."

(Noong bumalik ako sa lupa, hindi ginustong magbagong buhay ni Adolfo. Isang araw, agad siyang umuwi sa kanilang bahay at sinabi niya sa kaniyang asawa: "*Hindi ko na kayang magtrabaho, may nagsasabi sa akin na malapit na akong mamatay*." Sumagot ang kaniyang asawa: "*Iyon ay dahil lasing ka at dati mo pa sinasabi iyan*." Sabay silang pumunta sa kama. Mga ilang minutong nakalipas, nagkaroon siya ng isang pangitain. Sa kaniyang pangitain ay nakita niya ang kaniyang sarili at ang kaniyang asawa sa isang lagusan, na nakabihis sa isang maruming damit, at pumupunta sa impiyerno. Narinig niyang nagsalita ang Panginoon sa kaniya: "***Ang oras ninyong dalawa ay tapos na***" )

Sinabi sa akin ng Panginoon noong nasa himpapawid pa ako: "***Alam mo ba kung bakit kita dinala muli rito? Iyon ay para ipakita sa iyo noong una mong pagbisita, mas marami pa ang mga bilang napariwarang kaluluwa noon kaysa ngayon***." Mas marami nang ligaw na kaluluwa ngayon, kaysa dati. Pagkatapos, nilisan namin ng Panginoon ang lugar na iyon at tumungo kami sa ikalawang langit. Noong narating naming ang pangatlong langit, ang Kaharian ng Diyos, nakita ko ang mga anghel na nag-papadalas-dalas mula sa isang gilid papunta sa kabila; tsaka ko tinanong ito sa Panginoon: "*Bakit gumagalaw ang mga anghel na ito?*" Sumagot si Hesus: "***Totoo nga na gumagalaw ang Aking mga anghel dito, pero ipapakita ko sa iyo kung papaano gumalaw ang lupa. Mag-ingat ka, dahil sinakop na ng maraming demoniyo ang lupa. Galit na galit ang mga diablo sa mga Kristiyano dahil kaunting oras nalang ang natitira para sa kaniya.***"



Pinayagan ako ng Panginoon na makita ang mga demonyo na kahila-hilakbot ang galit, at sinabi Niya sa akin: "***Yoong mga demonyo na nakikita mo ay ang mga demonyo ng pangangalunya. Aatakihin nila ang Aking mga tagapaglingkod at marami ang mahuhulog sa pagkakasalang iyon. Alam mo ba kung bakit nagtatagumpay ang mga diablo sa pagpapatumba sa Aking mga tagasunod? Iyon ay dahil hindi ibinibigay ng aking mga taga-sunod ang lahat ng dakilang karangalan sa Akin. Ninanakaw nila ang Aking luwalhati at nagiging mapagmataas. Sa tutok ng mga iyan, ang kanilang mga asawa ay nabubuhay sa isang Malaki at magulong buhay ispirituwal. Hindi nila binuo ang kanilang bahay sa karunungan.***" **(1 Kay Timoteo 2:11-14)**



Nakita ko ang mga libo-libong anghel na hindi ko mabilang, karamihan sa kanila ay nakahanda para sa laban. At sinabi sa akin ng Panginoon: "***Ngayon ay ipinapadala ko ang mga anghel na ito para protektahan ang Aking mga tao. Sa mga nalalabing araw na ito, madodoble ang proteksyon ninyo. Dodoblehin din ni Satanas ang kaniyang mga atake, pero hindi mo dapat makalimutan na ang iyong Diyos ay makapangyarihan at makisig. Walang mangyayari sa iyo kung didikit ka sa akin.***"

# Ang Pagtitipon

Pagkatapos ay dinala ako ng Panginoon sa ibang lugar. Nakita ko ang isang malaking bilog na lamesa na mayroong mga gintong upuan. Sa bawat upuan, may pangalan na naka-sulat, at isang maluwag at dumadaloy na tali ang nakalagay. Sa harap ng bawat upuan, ay ang mga korona. Pagkatapos ay napansin ko na may mga upuan na mas malaki pa kaysa sa iba. Sa harap ng upuang iyon nakalagay ang isang malaking gintong baso. Inutusan ako ng Panginoon na tingnan ang nasa loob ng baso. Ito ay puno ng alak, na handa nang ihain. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Alam mo ba kung bakit nakahanda ng ihain ang alak na ito? Sabihin mo sa Aking mga tao na Ako ang pinto, malapit na Akong dumating***."

Ibinigay sa Akin ng Panginoon ang isang tali ng purong linen at isang korona. Isinuot ko ito at lumapit sa isang salamin. Sabi sa akin ng Panginoon: "***Wala mang ni isang dumi sa iyong bata, hindi ba? Walang ibang makakapasok sa pintong ito o kahit na magkakapuwesto sa lamesang ito, kung hindi siya nakabihis katulad niyan. Dinumihan na ng mga ibang taga-lupa ang kanilang mga bata. Nilukot naman ng iba iyon, at itinabi na lang ng iba ang sa kanila, at nakalimutan na. Sabihin mo sa Aking mga tao na oras na para labhan nila ang kanilang mga bata, plantsahin at hawakan nang muli. Dapat humingi ng tulong ang mga Kristiyano sa Banal na Espirito na panatilihin ang kanilang bata sa magandang kundisyon, dahil ipagdidiwang na ng Hari ang Kaniyang kasal at hapunan sa Kaharian ng Diyos***." **(Mateo 22:1-14)**

# Ang Aking Pamilya

Galing ako sa isang hiwalay na pamilya at lumaki ako sa tatay ko. Ang nanay ko ay isang napaka-relihiyosang tao. Ang tatay ko naman ay walang pinaniwalaan. Mayroon akong kapatid na nasa isang kumbento ng mga katoliko, pero alam ko na malapit na siyang palabasin ni Hesus doon para mangaral kasama ko. Pinagdarasal ko siya lagi. Iniisip ko ang buhay ng aking nanay sa mistikong relihiyon na iyon, noong una kong paglalakbay sa paraiso, umiyak ako sa Panginoon at sinabi ko: "*Panginoon napapariwara ang nanay ko, at tinuro ko na sa kaniya ang ebanghelyo, pero ayaw niyang makinig. Mas lalo pa siyang napapalapit sa relihiyon na iyon*." Sumagot sa akin ang Panginoon: "***Ililigtas ko ang iyong nanay, pero kaagad kong babawiin ang kaniyang buhay dahil kung hindi ay babalik nanaman siya roon at magkakasala at mapupunta sa impiyerno. Para makaiwas, oras na umalis siya sa kaniyang relihiyon, mamamatay siya ilang momento makalipas at dadalhin ko siya rito, sa paraiso***."

Noong bumalik ako sa lupa, nagdasal ako, umiyak, nagbuntong-hininga, at inalala ang pangako sa akin ng Panginoon, pero noong nakita ko ang nanay ko ay lalo pa siyang napapaloob sa idolatrya ng kaniyang relihiyon. Isang araw, ginamit ng Diyos ang aking kapatid para mapalitan ang relihiyon ng nanay. Tatlong araw lamang pagkatapos nito, siya ay namatay! Sa aking pangalawang paglalakbay sa paraiso, sinabi sa akin ng Panginoon: "***Tingnan mo, kung anong sinasabi ng bibig Ko, ginagawa ng mga kamay Ko***." Nakita ko ang nanay ko sa magandang paraisong iyon; kasama niya ang iba pang mga babae. Pumunta kami sa isang lugar kung saan nakita ko ang mga naka-putting espirito na pinupuri at niluluwalhatian ang Panginoon. Sabi sa akin ni Hesus: "***Ang mga batang ito ay ang mga <u>inilaglag ng kanilang mga magulang at mga kriminal na doktor</u>. Ang mga sanggol na pinatay noong nasa sinapupunan pa lamang sila, at ang mga natagpuan sa mga basura at mga ilog, nandito sa langit.***"



Mga minamahal kong kapatid, kontra sa mga iniisip ninyo, para sa Panginoon, ang similiya ay isang tao mula sa paglilihi, mula sa unang araw ng pagbubuntis.

Sinabi sa akin ng Panginoon: "***Bernarda, magtrabaho ka dahil Ako ang iyong lakas. Kailangang makarating ang mensaheng ito sa buong mundo. Isa itong mensahe para sa mga Kristiyano, mga pastor, at sa lahat ng mga taga-lupa, kasama ka. Hayaan ang mga banal na ipagpatuloy ang pagiging banal.***"

Sa sandaling iyon ay binuksan na ang pintuan ng langit. May isang magandang hagdanan. Tinawag ni Hesus ang mga libo-libong anghel, at inalalayan ako ng Panginoon sa pag-uwi ko sa aking bahay.

Pag-uwi ko, nakita ko ang aking asawa at ang mga kristiyanong padre na naghihintay na bumalik ang aking espirito. Tiningnan ko ang aking katawang lupa, at sinabi ko sa Panginoon na hindi ko na gusto ang katawan na ito. Sinabi sa akin ng Panginoon: "***Hindi ka pa pupuwedeng bumalik sa langit kasama ko, dahil hindi mo pa oras. Kailangan mo munang sabihin sa mga tao Ko kung ano ang mga nakita mo, para sila ay makapaghanda***." Sa isang malakas na boses, ay sinabi niya sa akin: "***Pumasok ka at tumanggap ka ng buhay, Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay, siya na naniniwala sa akin, kahit na mamatay man, ay mabubuhay parin* (Juan 11: 25-26**).

**Wakas ng Testimonya**

Translated to Tagalog by Rye Catağa, rctg183@hotmail.com

Isinalin sa Tagalog ni Rye Cataga, rctg183@hotmail.com